# 100% Ilaan ang Ating Mga Puso sa Pamamagitan ng Pagbibigay



## WARM-UP

- Sumubok ka na ba o ang iyong kaanak na mamuhunan sa mga stock, mga ari-arian, o iba pang uri ng investment? Ano ang naging kinalabasan nito?
- Nawalan ka na ba ng malaking halaga ng pera o pag-aari? Ikwento ang nangyari.
- Kung ikaw ay nanakawan ng iyong mga pag-aari o pera ngayong araw, paano ka tutugon?

## WORD

19*"Huwag kayong mag-ipon ng kayamanan para sa inyong sarili rito sa mundo, dahil dito ay may mga insekto at kalawang na sisira sa inyong kayamanan, at may mga magnanakaw na kukuha nito.*
20*Sa halip, mag-ipon kayo ng kayamanan sa langit, kung saan walang insekto at kalawang na naninira, at walang nakakapasok na magnanakaw.*
21*Sapagkat kung nasaan ang inyong kayamanan, naroon din ang inyong puso."* **MATEO 6:19–21**

22*"Dapat ninyong ibukod ang ikasampung bahagi ng lahat ng ani ng inyong bukid bawat taon.*
23*Dalhin ninyo ang ikasampung bahagi ng trigo, bagong katas ng ubas at langis, at ang panganay ng inyong mga hayop sa lugar na pipiliin ng PANGINOON na inyong Diyos, kung saan pararangalan siya. Doon ninyo ito dalhin sa kanyang presensya. Gawin ninyo ito para matuto kayo na laging gumalang sa PANGINOON na inyong Diyos."*
**DEUTERONOMIO 14:22–23**

Madali lang na iasa ang seguridad natin sa mga bagay ng mundo. Ngunit lahat ng pinanghahawakan natin dito sa lupa ay maglalaho lang din o hindi mananatili. Biniyayaan man tayo ng malaki o maliit, lahat ng iniisip natin na ating pagmamay-ari ay hindi para sa atin upang panghawakan. Sa halip na mag-ipon tayo ng yaman para sa sarili, tinatawag tayo na mamuhunan para sa mga bagay na dadaig pa sa tagal ng ating buhay. Kailangan nating ituon ang ating mga puso sa Diyos at sa Kanyang kaharian. Ngayong araw sa pamamagitan ng ating pagbibigay, tingnan natin kung paano natin mailalaan ang ating mga puso para sa Diyos.

## 1 Kailangan nating ilaan ang ating pananalapi bilang puhunan sa kaharian ng Diyos.

*[19]"Huwag kayong mag-ipon ng kayamanan para sa inyong sarili rito sa mundo, dahil dito ay may mga insekto at kalawang na sisira sa inyong kayamanan, at may mga magnanakaw na kukuha nito. [20]Sa halip, mag-ipon kayo ng kayamanan sa langit, kung saan walang insekto at kalawang na naninira, at walang nakakapasok na magnanakaw."* **MATEO 6:19–20**

Ang ating pananalapi at mga pinagkukunan ay mga kasangkapan na magagamit natin upang isulong ang kaharian ng Diyos. Hindi lamang ito upang ipunin kundi para ibahagi sa paraan na makakapagbigay-karangalan sa Diyos. Magagamit natin ito, halimbawa, sa paggawa ng kabutihan sa iba o sa pag-ugnay ng mga tao sa simbahan at sa pagpapadala ng mga misyonero. Ang pamumuhunan para tumulong sa kapwa na mahanap at sumunod kay Jesus ay namumunga at nakakapagbigay ng pinakamalaking balik sa puhunan. Dahil sa dinudulot nito sa panlabas ay pinakakapakipakinabang na pamumuhunan para sa atin ang pagbibigay sa kaharian ng Diyos. Ano sa palagay mo ang mangyayari kung lahat tayo ay pipiliin ang kaharian ng Diyos kaysa sa mundo at sa ating kapakanan?

.................................................................

.................................................................

.................................................................

## 2 Ang paglalaan natin ng pananalapi para sa kaharian ng Diyos ay nagdudulot ng katapatan ng ating mga puso sa Diyos at sa Kanyang kaharian.

*"Sapagkat kung nasaan ang inyong kayamanan, naroon din ang inyong puso."* **MATEO 6:21**

*[22]"Dapat ninyong ibukod ang ikasampung bahagi ng lahat ng ani ng inyong bukid bawat taon. [23]Dalhin ninyo ang ikasampung bahagi ng trigo, bagong katas ng ubas at langis, at ang panganay ng inyong mga hayop sa lugar na pipiliin ng PANGINOON na inyong Diyos, kung saan pararangalan siya. Doon ninyo ito dalhin sa kanyang presensya. Gawin ninyo ito para matuto kayo na laging gumalang sa PANGINOON na inyong Diyos."* **DEUTERONOMIO 14:22–23**

Nagbabago ang ating mga puso kapag tayo ay nagbibigay. Kapag inilalaan natin ang ating pananalapi para sa Diyos at sa Kanyang kaharian, natututo tayong katakutan at mahalin ang Diyos na siyang pinanggagalingan ng lahat na mayroon tayo. Ang ating mga puso at isipan ay nakatutok sa Kanya at nagdudulot ng malalim na katapatan, paggalang, at pagrespeto sa Kanya. Ang pagbibigay ay isang espirituwal na disiplina na nagpapalapit sa atin sa Diyos at nakakatulong sa atin na mas manalig pa sa Kanya. Paano nasasanay ang iyong puso na alalahanin ang Diyos at tumuon sa tunay na mahalaga ang pamumuhunan mo sa Kanyang kaharian?

## APPLICATION

- Tumigil sandali at pag-isipan kung saan mo nilalagay ang iyong seguridad sa buhay. Ano ang magagawa mo upang ituon ang pansin sa Diyos araw-araw?
- Paano binubunyag ng salita ng Diyos kung saan talaga nakatuon ang iyong puso? Hilingin sa Diyos na ipakita Niya ang mga bahagi sa iyo na hindi kanais-nais.
- Paano mo isusulong ang kaharian ng Diyos sa iyong komunidad ngayong linggo? Maghanap ng pagkakataon na maging pagpapala ka para sa kapwa.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil Siya ang iyong yaman, seguridad, at kaginhawaan. Hilingin sa Kanya na bigyan ka ng kakayahan na laging ituon ang pansin sa mga bagay na mahalaga.
- Hilingin sa Diyos na tulungan ka na isabuhay ang Kanyang pagiging bukas-palad. Manalangin na makapagpunla ka ng pananampalataya at maging pagpapala para sa iba.
- Manalangin na buoin ng Diyos sa iyo ang isang puso na kagustuhan na isulong ang Kanyang kaharian. Hilingin sa Diyos na gamitin ka upang makahikayat sa mga nakapaligid sa iyo na magkaroon ng kaparehong pagnanais.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Charlene Cruz, Romeo Mercado

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.